



Kabanata 10: Ang Police Force ng Hong Kong

Mga 999 emergency na tawag

Kapag napaharap ka sa isang emergency at nangangailangan ng agarang tulong mula sa Police, Fire Services Department o mga ospital, i-dial ang 999. Mabilis na sasagutin ang iyong tawag at ipadadala ang tulong.

Ngunit kung ang iyong problema ay hindi emergency, HUWAG tumawag sa 999 - sa halip, i-report ito sa pinakamalapit na police station. Wala itong bayad, at ang mga desk officer ay sinanay upang maging matulungin at maunawain.

Mga police station

Bukas ang mga police station sa Hong Kong 24 na oras araw-araw. Kung gusto mong mag-ulat ng isang kaso, ang mga police officer na nagsasalita ng English ay naka-duty sa lahat ng station upang tumulong sa iyo.

Ang mga numero ng telepono ng mga police station ay ang mga sumusunod:

Hong Kong Island Police Stations		Kowloon West Region Police Stations	
Central	3661-1600	Yau Ma Tei	3661-1652
Peak	3661-1604	Tsim Sha Tsui	3661-1650
Western	3661-1618	Mong Kok	3661-1642
Aberdeen	3661-1614	Sham Shui Po	3661-1646
Stanley	3661-1616	Cheung Sha Wan	3661-1644
Wan Chai	3661-1612	Kowloon City	3661-1640
Happy Valley	3661-1610	Hung Hom	3661-1638
North Point	3661-1608	Traffic	3661-1654
Chai Wan	3661-1606	Kowloon West	
Traffic Hong Kong Island	3661-1620		

Kowloon East Region Police Stations		New Territories South Region Police Stations	
Wong Tai Sin	3661-1632	Tsuen Wan	3661-1708
Sai Kung	3661-1630	Kwai Chung	3661-1690
Kwun Tong	3661-1622	Tsing Yi	3661-1692
Tseung Kwan O	3661-1624	Sha Tin	3661-1702
Sau Mau Ping	3661-1628	Tin Sum	3661-1706
Ngau Tau Kok	3661-1626	Ma On Shan	3661-1700
Traffic Kowloon East	3661-1636	Lantau North	3661-1694
		Mui Wo	3661-1696
		Airport District	3661-2000
		Penny's Bay Police Post	2983-6505
		Traffic New Territories South	3661-1710

New Territories North Region Police Stations		Marine Region Police Stations and Posts	
Sha Tau Kok	3661-1664	Marine East	3661-1718
Ta Kwu Ling	3661-1666	Marine South	3661-1724
Lok Ma Chau	3661-1658	Marine West	3661-1726
Yuen Long	3661-1680	Marine North	3661-1722
Tin Shui Wai	3661-1678	Cheung Chau	3661-1712
Pat Heung	3661-1676	Peng Chau	3661-1716
Tai Po	3661-1674	Lamma Island	3661-1714
Sheung Shui	3661-1672	Sok Kwu Wan	3661-1736
Tuen Mun	3661-1670	Marine Harbour	3661-1720
Castle Peak	3661-1668		
Traffic New Territories North	3661-1684		

Central Service Centre			3661-1602
Reporting Centres			
Shau Kei Wan	3661-1620	Shek Kip Mei	3661-1648
Siu Lek Yuen	3661-1704	Tsz Wan Shan	3661-1634
Lok Ma Chau Control Point	3661-1660	Lok Ma Chau Spur Line Control Point	3661-1662
Lo Wu Control Point	3661-1656	Man Kam To Control Point	3661-1686
Shenzhen Bay Port	3661-1682	Kai Tak Cruise Terminal	3661-1796

Report Hotlines		Enquiry Hotlines	
Police Hotline	2527-7177	Recruitment Matters	2860-2860
Organised Crime and Triad Hotline	2527-7887	Complaints Against Police Office	2866-7700
Police Drug Reporting Hotline	2527-1234	Certificate of No Criminal Conviction Office	2860-6557
Commercial and Technology Crime Hotline	2860-5012	Licensing Matters	2860-2973
		Sexual Conviction Record Check Office	3660--7499

Website ng Hong Kong Police Force: www.police.gov.hk.

Ang iyong mga karapatan

Ano ang dapat kong gawin kapag pinahinto ako ng pulis?

Tandaan na magdala ng katibayan ng pagkakakilanlan tuwing lalabas ka. Ang katibayan ng pagkakakilanlan ay maaaring ang iyong Hong Kong ID card, isang pansamantalang Hong Kong identity card o ang iyong pasaporte.

Ayon sa batas, ang isang pulis ay maaaring:

- pahintuin ka at hilingan ka na magbigay ng katibayan ng pagkakakilanlan para sa inspeksiyon kapag naniniwala siya na kumikilos ka nang kahinahinala.
- magtanong sa iyo tungkol sa mga bagay tulad ng iyong address, kung saan ka pupunta, o kung ano ang ginagawa mo.
- magkulong sa iyo sa isang makatwirang yugto ng panahon kapag naghihinala ang pulis na gumawa ka ng isang paglabag sa batas.
- magkapkap sa iyo para sa mga armas na maaaring magsapanganib sa kaligtasan ng pulis o ng publiko.

Babala:

Huwag lalaban sa pulis kapag isinasagawa nila ang kanilang mga tungkulin o maging ang sila ay sugudin. Kung hindi, maaari kayong maharap sa prosekusyon.

Kung nagdududa kayo sa pagkatao ng isang pulis, hingin ang kanilang warrant card para ma-inspeksyon. Mayroon ditong nakalagay na larawan ng pulis, pangalan, ranggo, at natatanging identification number at tsapa. Ang mga salitang “Hong Kong Police” ay naka-imprenta sa harap at likod ng card.

Kung may gagawing paghahalughog sa katawan, kailangang isang pulis na may katulad na kasarian ang magsagawa nito. Maaari mong hilingin na sa isang istasyon ng pulis gawin ang paghahalughog.

Ano ang mga karapatan mo kung nasa kustodya ka ng pulis?

1. Paghingi ng legal na tulong

- Ang makatawag nang pribado sa telepono sa, o makipag-ugnayan sa sulat o nang harapan sa isang abogado.
- Ang magkaroon ng abogado na naroroon sa panahon ng anumang interview ng Police.
- Ang makipag-usap nang pribado o tumangging makipag-usap sa isang abogado na nag-aangking inutusan ng ibang tao sa ngalan mo.
- Ang mabigyan ng talaan ng mga tagapagtanggol na inilathala ng Law Society ng Hong Kong.

2. Pagsasabi sa isang tao na ikaw ay nasa isang police station

- Ang makahiling sa pulis na sikaping ipaalam sa kamag-anak o kaibigan na ikaw ay nasa isang police station, at ipaalam sa iyo ang resulta.

3. Pakikipag-usap sa isang kamag-anak o kaibigan

- Ang mabigyan ng mga makatwirang oportunidad na makausap ang isang kamag-anak o kaibigan sa pamamagitan ng telepono.
- Ang makatanggap ng pagdalaw mula sa isang kamag-anak o kaibigan. Kung para sa taong naaresto o naikulong, kailangan ang pahintulot ng Duty Officer para sa gayong mga pagdalaw.
- Ang mabigyan ng mga kagamitan sa pagsulat at maipadala ang iyong sulat sa iyong sariling gastos.

4. Pagtanggap ng kopya ng nasusulat na record sa ilalim ng pag-iingat

- Ang mabigyan ng isang kopya ng iyong nasusulat na record sa ilalim ng pag-iingat hangga't maaari pagkatapos ng interview.
- Ang tumangging sumagot sa mga sunud-sunod na tanong hanggang sa maibigay sa iyo ang nasusulat na record sa ilalim ng pag-iingat.

5. Pakikipag-usap sa konsulada kung ikaw ay isang dayuhan

- Ang tumanggap ng dalaw mula sa o makipag-usap nang pribado sa (i) mga kinatawan mula sa konsulada o sa nauugnay na awtoridad ng iyong sariling bansa o (ii) isang abogado na isinaayos ng mga kinatawang iyon para sa iyo.

6. Pagbibigay-alam sa konsulada kung ikaw ay isang dayuhan

- Ang humiling sa Police na ipaalam sa konsulada ng iyong bansa na nasa Hong Kong ang tungkol sa iyong pagkakaaresto o pagkakakulong.
- Ang humiling sa Police na ipaalam sa may kaugnayang awtoridad ng iyong bansa ang iyong pagkakaaresto o pagkakakulong, kung walang konsulada na kumakatawan sa Hong Kong.

7. Paglalaan ng pagkain at inumin

- Ang mabigyan ng tubig na inumin kapag humingi habang nasa kustodya ng pulis.
- Ang mabigyan ng tatlong beses sa isang araw na pagkain na may kasamang inumin.
- Dahil sa isang pantanging dahilan, hal. relihiyosong pangangailangan o lampas sa mga oras ng operasyon ng kantina, atbp. ang pagkain mula sa isang outlet o na inihatid ng iyong kamag-anak o kaibigan ay maaring isaayos para sa iyo na sasailalim sa pagpapahintulot ng Duty Officer o ng isang inspektor at ng pag-inspeksiyon sa pagkaing iyon.

8. Paghingi ng medikal na atensiyon

- Ang mabigyan ng medikal na atensiyon kapag hindi maganda ang iyong pakiramdam.

9. Paghiling para sa paglaya o pagpiyansa (kapit sa mga tao lang na ikinulong sa kustodya ng pulis)

- Ang humiling na mapalaya o makapagpiyansa. (Kapag ikaw ay ipinabilanggong muli sa utos ng isang mahistrado, ang pasiya sa pagpapalaya o makapagpiyansa ay gagawin ng mahistrado.)

Para sa mga Karapatan 1 hanggang 5, ikaw ay karapat-dapat sa mga karapatan hangga't hindi ito malamang na maging dahilan ng di-makatwirang pagkaantala sagabal sa proseso ng imbestigasyon o paglalapat ng hustisya.

Seguridad sa tahanan

Bagaman ang Hong Kong ay isa sa pinakaligtas na lungsod sa buong mundo, dapat pa ring mag-ingat ng mga bagong dating sa lungsod upang protektahan ang kanilang pag-aari gaya ng:

- Pagkandado ng mga pintuan at bintana upang hindi makapasok ang mga magnanakaw.
- Huwag pahintulutan ang mga estranghero na pumasok sa iyong looban nang hindi tinitiyak ang kanilang pagkakakilanlan.
- Patayin ang mga kagamitan sa pagluluto kapag umaalis ng bahay upang maiwasan ang suno.
- Huwag iwanang walang kasama sa bahay ang mga sanggol o maliliit na bata.

Matatagpuan ang higit pang payo tungkol sa pag-iwas sa krimen at seguridad sa tahanan sa Website ng Hong Kong Police sa www.police.gov.hk/ppp_en/04_crime_matters/cpa/cpa.h